Pangalan: ______________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pagtukoy sa Mahahalagang Ideya at Detalye**

**I. PANUTO:** Basahin at unawain ang tekstong nasa kahon. Pagkatapos ay sagutan ang pagsasanay na nasa ibaba.

Ang taong 2020 ay hindi malilimutang panahon para sa mundo lalo na sa mga Pilipino. Enero pa lamang ay ginulat na tayo ng pagputok ng Bulkang Taal. Agad na iniutos ng gobernador ang paglikas ng mga mamamayang nakatira malapit sa pumutok na bulkan. Mabilis na inalerto ang kinauukulan tungkol sa abong kakalat sa iba't ibang bahagi ng lalawigan. Sumunod na buwan, Pebrero, ay niyanig naman tayo ng lindol sa iba't ibang lugar sa ating bansa. At nang pumasok ang buwan ng Marso ay nagulantang naman tayo sa pagkalat ng COVID-19 virus sa ating bansa. Matinding takot ang nilikha nito sa mga tao. Sa kasamaang palad, nauwi sa lockdown ang sitwasyon. Ipinatupad ang Enhanced Community Quarantine (ECQ) sa pag-asang mapipigilan nito ang pagkalat ng virus sa bansa lalo na sa National Capital Region (NCR). Ipinag-utos din na magsuot ng face mask, laging maghugas ng kamay, at dumistansiya sa isa't isa o social distancing sa lahat ng pampublikong lugar upang maiwasan ang pagkalat ng virus. Malaking pagbabago ang naganap sa buhay ng mga tao nang maganap ang pandemya dahil sa pagkalat ng COVID-19 virus sa mundo.

Lagyan ng tsek (/) kung mahalaga ang pangyayari at ekis (x) naman kung hindi batay sa tekstong nabasa. Isulat ang iyong sagot sa patlang bago ang bilang.

_______ 1. Pumutok ang Bulkang Taal noong Enero 2020.
_______ 2. Hindi malilimutan ng mundo ang taong 2020.
_______ 3. Buwan ng Pebrero nang yanigin ang ating bansa ng isang lindol.
_______ 4. Ipinatupad ang lockdown o ECQ dahil sa COVID-19 virus.
_______ 5. May mga mamamayang nakatira malapit sa pumutok na Bulkang Taal.

**II. PANUTO:** Basahin at unawain ang tekstong nasa kahon. Pagkatapos ay sagutan ang mga tanong na nasa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

**Mensahe ng Pasasalamat**

1Sa Amang Lumikha sa ating lahat, sa aking mga magulang, mga kapatid, mga kaibigan, mga kamag-aral, at mga kapitbahay, magandang araw.

2Nais ko pong kunin ang pagkakataon upang buong pusong magpasalamat sa iyong lahat. 3Alam ko na lahat tayo ay nagulat sa pagdating ng pandemya sa mundo, nalungkot sa naging resulta nito sa ating mga buhay at natakot sa posibilidad ng pagkakasakit. 4Salamat dahil isang taon na tayong nakikipaglaban sa global na krisis na ito subalit magkakasama pa rin tayo sa pagsisikap na ipagpatuloy ang buhay.

5Una, salamat po, Amang Lumikha, pagkat kami ay malulusog at ligtas sa tuwina. 6Kahit nagkakasakit ay gumagaling pa rin, salamat po sa pag-asa at katatagan. 7Salamat po, ama at ina, sa paghahanapbuhay para may makain kami, sa pag-aalaga sa amin upang manatiling malusog at maayos, nakakapag-aral pa rin. 8Salamat, Ate at Kuya, sa pagtulong sa akin sa mga aralin na hindi ko lubos maunawaan, sa matiyagang pagtuturo upang masagutan ko ang aking modyul. 9Ngayon, magkakasama at magkakasabay na tayo sa pag-aaral sa loob ng bahay, salamat po. 10Salamat din sa mga kaibigan ko na kahit hindi na kami nagkikita nang personal ay nagpapatawa pa rin sa akin sa pamamagitan ng text messages o video call. 11Hindi ko namalayan ang oras dahil sa saya, salamat! 12Salamat din sa aking mga kamag-aral na kahit hindi ko man kayo nakikita ay nakakabahagian ko naman ng mga kaalaman tungkol sa aralin sa klase sa pamamagitan ng social media. 13Panghuli, salamat sa mga kapitbahay namin dahil sa pagbabahagi ng tulong lalo na kapag kinukulang na kami sa pagkain.

14Lahat po kayo ay bumuo at patuloy na bumubuo sa aking buhay. 15Hindi pa tapos ang laban natin sa pandemya pero dahil kasama ko po kayo, alam ko na magiging maayos din ang lahat sa hinaharap. 16Salamat po at mabuhay kayong lahat!

**MGA KATANUNGAN:**

a. Anong bilang ng pangungusap ang nagsasaad ng kabuoang diwa o paksa ng tekstong “Mensahe ng Pasasalamat”?

6. ______________________________

2. Ano-anong bilang ng pangungusap ang mahahalagang impormasyon na nabanggit?

7. ______________________________
8. ______________________________

3. Piliin at isulat sa iyong kuwaderno ang isang mahalagang ideya sa teksto.

9. ______________________________
______________________________
______________________________

10. ______________________________
______________________________
______________________________